

United Church of Church in the Philippines  
SOUTH LUZON JURISDICTIONAL AREA

Quadrennial Theme:  
*Spirituality for these Critical Times*

Ikatlong Linggo ng Pamamayani ng Diyos (3rd Sunday in Kingdomtide)  
Ika- 10 ng Setyembre 2017  
(Aralin para sa Middle & Older Elementary)

**“Ang Kapayapaan Bilang Katangian ng Pamamayani ng Diyos”**  
(Peace as a Kingdom Value)

**Araling ga Talata sa Biblia**

Lumang Tipan: *Isaias 32: 16-18*

v<sup>16</sup>Ang katuwiran at katarunga'y maghahari sa lupain

v<sup>17</sup>Pagkat pawang katuwiran ang gagawin ng bawat isa  
Kaya iiral ang katahimikan at kapanatagan magpakailanman.

v<sup>18</sup>Ang bayan ng Diyos ay malalayo sa kabalisahan  
At mamumuhay nang tiwasay.

Bagong Tipan: *Mateo 5:9*

v<sup>9</sup>"Mapalad ang mga gumagawa ng daan sa ikapagkakasundo,  
sapagkat sila'y ituturing ng Diyos na mga anak niya.

**Pangkalahatang Tema:**

Ang Iglesya ay nakikibahagi sa pagtatatag ng kapayapaan sa pamamagitan ng pag-alis ng mga ugat ng kawalang-katarungan at pagpupunyaging makamit ang kapayapaan.

**Susing kaisipan:**

*Ang Iglesya ay nagtataguyod ng kapayapaan.*

**Paliwanag Ukol sa Talata:**

Ang aklat ng Isaias ay nagbubunyag ng buong sukat ng paghatol at kaligtasan ng Diyos. Ang Diyos ay "ang Banal ng Israel" (1:4; 6:1) siyang tiyak na magpaparusa sa mga suwail (1:2) ngunit pagkatapos nito sila ay ililigtas (41:14,16). Ang Israel ay isang bansa na naging bulag at bingi sa mga tagubilin ng Diyos. Sa lahat ng ito, naranasan nila ang kakila-kilabot na hatol ng Diyos gayon ma'y ang Dios ay mahahabag sa kanyang bayan, at ililigtas sila mula sa pampolitika at espirituwal na pang-aapi. Ang kanilang pagpapanumbalik ay tulad ng isang bagong exodo habang tinutubos at nililigtas sila ng Diyos. Ang araw na iyon ay mamarkahan ng kapayapaan at kaligtasan kapag ang isang hari ay bumaba mula sa lipi ni David na maghahari na makatuwiran at ang bayan ng Diyos ay hindi na pinahihirapan ng mga pinuno at ang Jerusalem ay magiging tunay na "Lunsod ng Panginoon" (60:14). Ang kaisipan ni Isaias sa kapayapaan ay tulad ng sa natitirang bahagi ng mga propeta: kapag ang katarungan ay ibinibigay sa mga nangangailangan at pinahihirapan at ang masama ay pinarusahan at winasak.

Ang mga partikular na talata sa Isaias 32: 16-18 ay isa sa maraming pangitain ni Isaias para sa "Shalom" ng Diyos (*Eirene* sa Griyego, na nangangahulugang kapayapaan). Ito ang uri ng kapayapaan at kaligtasan sa isang Mesianikong panahon kung saan ang mga maliliit na bata ay hindi mapinsala habang nakikipaglaro sila sa dating mabangis na mga hayop. Ito ay isang pangitain ng pambihirang kapayapaan at kasaganaan na darating sa Israel sa ilalim ng isang makatarungan at matuwid na pinuno.

Ang pangunahing layunin ni Mateo ay patunayan sa kanyang mga mambabasa na mga Judio na si Jesus ang kanilang Mesiyas. Ginagawa niya ito lalo na sa pamamagitan ng pagpapakita kung paano natupad ni Jesus sa kanyang buhay ang katuparan ng Kanyang ministeryo buhat sa Lumang Tipan. Bagaman ang lahat ng mga manunulat ng Ebanghelyo ay sumipi sa Lumang Tipan, isinama ni Mateo ang siyam na patunay na nagtatangi sa kanyang Ebanghelyo o Mabuting Balita (1: 22-23; 2:15; 2: 17-18; 2:23; 4: 14-16; 8:17; 12: 17-21;13:35; 27: 9-10) upang bigyang diin ang kanyang pangunahing tema: Si Jesus ang Mesiyas, ang katuparan ng mga hula sa Lumang Tipan. Upang maisakatuparan ang kanyang layunin, binigyang-din ni Mateo na ang lahi ni Jesus ay mula sa lipi ni David, mula mismo sa unang kabanata ng Ebanghelyo.

Ang Mateo 5:9 ay nagmula sa Sermon ni Jesus Cristo sa Bundok, kung saan Si Jesus ay naghahatid ng isang kapahayagang nagsisilbing pagpapasinaya ng kanyang ministeryo, na nagpapaliwanag kung ano ang inaasahan niya sa mga kasapi o kabilang sa kanyang kaharian. Ang mga payo o alituntuning ito na tinalakay ay mukhang mahirap batay sa umiiral na moral at etikal na pamantayan subalit ito ay upang mapagtanto din na magagawa lamang natin ito sa tulong at patnubay ng Diyos. Ang talatang ito ay nagbibigay sa atin ng ideya sa hinaharap ng isang taong pipiliing maging tagapamayapa. Ang teksto ay nagsasabing ang tagapamayapa ay mapalad. Ang ibig sabihin dito ng mapalad ay higit pa sa pagiging masaya dahil karaniwan, ang kaligayahan ay isang emosyon na madalas nakasalalay sa panlabas na mga pangyayari. Dito, ang mapalad ay tumutukoy sa tunay na kagalingan at natatanging espirituwal na kagalakan ng mga nakikibahagi sa pamayanan ng Diyos. Ito ay hindi lamang pagiging "masaya" na kadalasang nakikilala sa "simpleng pagsasaya", mga kasiyahan at iba pa. Nagkakaroon tayo ng "kagalakan" na hindi kayang burahin ng anumang mapait na karanasan dahil sa may ganap na kapayapaan ang kalooban."

Ang mga Tagapamayapa ay nananatiling matatag, hindi natitinag ang kanilang paniniwala sa kabila ng kanilang pinagdadaanan dahil alam nila at naniniwala na sila ay nakakapit sa kaparaanan ng nag-iisang Diyos ng kanilang buhay; na Siyang may kontrol sa lahat ng bagay na nangyayari sa kanilang paligid. Dahil sa panloob na kapayapaan, sila ay nagiging matapat at madamdaming tagapamayapa. Ang mga tagapamayapa ay nagtataguyod ng kapayapaan. Sa paggawa nito, nagpapakita sila ng isang karakter ng kanilang makalangit na Ama at angkop na tawaging "mga anak ng Diyos".

Hinihikayat ng mga siping ito ang iglesia upang maging mga tagapamayapa ngayon. Ang iglesia bilang kinatawan ng Diyos at katawan ni Kristo ay binigyan ng gawain upang ipagpatuloy ang misyon at ministeryo ni Jesus na maganap ang tunay na kapayapaan sa gitna ng napakaraming nakapipinsala at di-makatarungang kalagayan na ting kinakaharap. Tandaan nating tayo ay mga tinubos na ng Mesiyas, ngayon ang ating pagkakataon upang isabuhay natin ang Mesiyas bilang mga anak ng Diyos.

### **Gabay sa mga Guro:**

Samantalang ang mga imperyo sa kasaysayan ay itinatayo sa takot, ang kaharian ng Diyos ay itinatag sa tunay at pangmatagalang kapayapaan. Sa kaharian ng Diyos titigil ang lahat ng pakikibaka laban sa dominasyon at monopolyong kontrol sa mga mapagkukunang yaman. Sa pagkakamit ng kapayapaang nakabatay sa katarungan, ang mga huwad na diyos at mga diyus-diyosan ng kapangyarihan at kayamanan ay babagsak at ang mga tao ay sasamba sa iisang Diyos lamang. Dito nag-uugnay ang pagsamba at hangarin para sa kapayapaan. Ang kuwento ng Exodo ay naglalarawan sa pag-alis ng mga Hebreo mula sa pang-aalipin at ang pagsamba sa mga diyus-diyosan. Sila ay nasa isang paglalakbay tungo sa malayang lupain kung saan umiiral ang kapayapaan at tanging ang Diyos ang namamamayani.

Ang konsepto ng Banal na Kasulatan sa kapayapaan ay kinabibilangan ng parehong pagtatapos sa pakikidigma at pagtatatag ng katarungan. Ang propetikong pananaw na gagawin nilang tabak ang kanilang mga sudsod ay isang angkop na paglalarawan para sa pagtigil ng labanan at pagtatayo ng isang bagong lipunan. Walang maikling daan patungo sa tunay na kapayapaan. Ang matalinong kumbinasyon ng pagtigil ng labanan at ng unti-unting pagtatanggal sa mga istruktura ng kawalang katarungan ay nangangailangan ng isang mas malawig na proseso at sapat na panahon para sa pagpapagaling, at para ang magkakatunggaling panig ay magkaroon ng tiwala sa isa't isa at makayanang pandayin ang bagong kaayusan. Kung

hindi ganito, ang proseso ng kapayapaan ay gagamitin lamang upang makakuha ng pantaktikang kalamangan at ibayong propaganda.

Sa mga panahong ito ng mga digmaan at mga alingawngaw ng digmaan, ang iglesya ay nangunguna sa prosesong pangkapayapaan na kinasasangkutan ng naglalabanang mga partido. Ang paghangad ng kapayapaan ay naging isang daan upang ang iba't ibang iglesya, magkakaiba man ang kanilang doktrina ay nagsama-sama at nagkaisa para dito. Kahit na wala pa silang nagkakaisang adyendang pangkapayapaan, ang iglesya ay kilala sa daigdig bilang masigasig na tagapagtaguyod ng kapayapaan. (*Isinatagalog ni: Rev. Milagros Gundran-Rafols*)

### **Layunin:**

Sa pagtatapos ng aralin, ang mga bata ay inaasahang,

1. Naipapahayag na ang kapayapaang mula sa Diyos ay likha ni Cristo at sa tulong ng Banal na Espiritu.
2. Nailalarawan ang pangako ng pagiging anak ng Diyos bilang tagapamayapa (*peacemakers*)
3. Naipapaliwanag kung bakit ang simbahan ay nagtataguyod ng kapayapaan at;
4. Nakikiisa sa mga gawain ng Iglesya na nagtataguyod ng kapayapaan bilang mga mananampalatayang nananatili kay Cristo sa pamamagitan ng pag-aaral ng salita ng Diyos, pag-awit ng mga papuri, pananalangin at paggawa ng mga gawaing pangkapayapaan.

**Mga gagamitin:** Bibliya (*Magandang Balita, Biblia*), song charts, pictures, bond papers, worksheets, coloring materials, drawing of a dove

### **Mga Kasanayang Pagkatuto**

#### **A. Panimulang gawain**

1. Pagkakamustahan. Batiin ang mga bata sa kanilang pagdating.
2. Panimulang panalangin: "Panginoon, turuan mo po nawa kami na maging tapat sa lahat ng paraan. Tulungan mo po kami na sumunod sa iyong aral bilang mga instrumento ng kapayapaan sa lahat ng tao... Sa Dakilang pangalan ni Jesu, ito ang aming panalangin. Amen!"
3. Panimulang awit

***"I've Got Peace like a River"***  
*I've got peace like a river (2x).*  
*I've got peace like a river in my soul, halleluia!*  
*I've got peace like a river (2x).*  
*I've got peace like a river in my soul.*

#### **B. Paghahanda sa Aralin**

1. Isulat ang salitang Kapayapaan sa pisara (blackboard) at hikayatin ang mga bata na isulat ang kanilang pagkaunawa tungkol sa kapayapaan. Ibigay ang mga sumusunod na katanungan para kanilang magamit sa gawain.
  - a. Ano ang ibig sabihin ng salitang kapayapaan?
  - b. Anong kalagayan o sitwasyon ang alam ninyo na mayroon nararanasang kapayapaan? "
  - c. Sa palagay n'yo ba ay nais ng Diyos na magkaroon ng kapayapaan sa ating buhay.
2. Tanggapin ang mga sagot ng mga bata at ayusin sila.

#### **C. Pagtatalakayan**

1. Hatiin ang klase sa tatlong grupo. Magbigay sa bawat grupo ng mga sumusunod na sitwasyon (maaring isulat ito sa index cards). Hayaang pag-usapan o pagtalakayan ng bawat grupo ang sitwasyon at itanong sa mga kasali o kaanib ng grupo kung paano mababago ang mga sitwasyon upang magkamit ng kapayapaan. ?

**a. Unang grupo. Sitwasyon.** Oras ng paglalaro sa paaralan. Ikaw ay naghihintay para umakyat sa hagdan at bumaba sa slide . Maya-maya ay may isang batang tumakbo at pumigil sa iyo diretsong akyat sa hagdan. Ngunit itinulak mo ang batang ito sapagkat ito na yaong iyong panahon para gamitin ang slide at dahil ikaw din ang nauna sa kanya. **Aksyon:** Ibahagi kung ano ang iyong maaring gawin para magkamit ng kapayapaan para sa sitwasyong ito. Ang grupo ay magbabahagi kung ano ang kanilang magagawa para makamtan ang kapayapaan sa kalagayang ito.

**b. Pangkat 2. Sitwasyon.** Isang kapitbahay na lalaki ang nangaaway sa iyo sa pamamagitan ng pagtawag ng iyong pangalan. Nasaktan ka sa bagay na ito pero hindi ka lumaban. **Aksyon:** Ano ang maari mong gawin upang magkaroon ng kapayapaan sa sitwasyong ito?

**c. Pangkat 3: Sitwasyon:** Maraming mga laruan sa aparador. Bawat isa sa inyong klase ay binigyan ng pagkakataon para pumili ng isang laruan. Ngunit napili mo ay isang particular o natatanging laruan. Ikaw na susunod na pipili subalit ang napili ng batang nauna sa iyo ay ang laruan na gustong-gusto mo at wala nang iba pang mga laruan na maaring piliin .

**Aksyon:** Ano ang iyong gagawin para magkaroon ng kapayapaan sa sitwasyong ito?

**2. Hikayatin ang bawat grupo ay magbahagi ng kanilang mga ginawa o naging pagtugon. Pagkatapos ng pagbabahaginan, sabihin sa klase na sa kanilang pagpapahayag sila ng kapayapaan , sila ay tinatawag na tagapamayapa ( “peacemakers )**

#### ***D. Pagpapalalim ng gawain/ pagbabahaginan***

**1.** Itanong sa mga bata kung bakit kailangang isulong o ipagpatuloy ang kapayapaan? Ituro sa kanila na basahin ang Mateo 5:9 . Sabihin: “ Ang kapayapaan ay mula sa Diyos. Ito ay nilikha o ginawa para sa lahat ng mga mananampalataya sa tulong ni Jesu-Cristo, sa pamamagitan ng kanyang kamatayan at muling pagkabuhay. Nang si Jesus ay umakyat sa kanyang Ama, ang banal na Espiritu ay nagbigay sa atin ng kapayapaan. Kaya naman ang mga mananampalataya ay tinawag upang isulong o ipagpatuloy ang kapayapaan para sa magandang ugnayan. Ang magkaroon ng payapang buhay kasama ng Diyos ay isang dakilang biyaya na maari nating matanggap.

**2.** Talakayon ang tatlong sitwayson at ikumpara ang mga isinulat ng mga bata sa kanilang mga ibinahagi.

**a. Unang sitwasyon.** Ang naging reaksyon ng isang bata kung saan ang kanyang gusto ay nakuha ng isang batang nauna sa kanya na naging bunga ng hindi magandang aksyon o ginawa. *Pagbatayan ang Roma 12:18-19:* “ Hangga’t maari, makisama kayo nang mapayapa sa lahat ng tao. Mga minamahal, huwag kayong maghihiganti; ipaubaya ninyo iyon sa sa Diyos. Sapagkat nasusulat, Akin ang paghihiganti , ako ang gaganti, sabi ng Panginoon.” ( *Ang banal na kasulatan ay nagpapahayag sa atin kung ano ang mga dapat nating gawin upang magkaroon o magaganap ang kapayapaan. Hangga’t maari ay huwag tayong maghihiganti dahil ang Diyos ang siyang gaganti sa atin at siya rin ang mag-iingat sa atin. ) Hayaan ang isang bata na humingi ng tawad sa isa pang bata na itinulak niya at magpatawad rin naman kahit walang nabanggit na maling bagay na nagawa ang ikalawang bata sa naunang bata. )*

**b. Ikalawang sitwasyon.** Isang lalaki ang nang-away ng kanyang kapitbahay na hindi naman nanlaban sa kanya. Sabihin sa klase na pagbatayan ang **Hebreo 12:14** : “ *Sikapin ninyong makasundo ang lahat at magpakabanal sapagkat hindi ninyo makikita ang Panginoon kung hindi kayo mamumuhay nang ganito.” Tulungan ang mga bata na bigyang kahulugan ang talata: ( Ang talatang ito ay nagsasabi na ipagpatuloy lagi ang kapayapaan at kasama ng mga tao. ) Gumuhit ng kaisipan mula sa mga bata*

*( gagabayan ng matanda ) na dapat gawin para itanong sa nang-away kung bakit niya tinawag ang pangalan ng kanyang kapitbahay na kung saan sa paraang ito ay naipapakita mo ang iyong pagnanais na magkaroon ng kapayapaan sa kanya. )*

**c. Ikatlong sitwasyon.** Ang paboritong laruan na ginamit ng ibang bata. *Hilingin sa klase na basahin ang 1 Pedro 3:10-12 “ Ayon sa nasusulat; Ang mga nagnanais ng payapa at saganang pamumuhay , dila nila’y pigilan sa paghabi ng kasamaan. Ang anumang panlililang at madayang pananalita sa kanyang mga labi ay di dapat lumabas. Ang masama’y iwasan na at ang gawin ay ang tama at ang laging pagsikapan ay buhay na mapayapa. Ang mga mata ng Panginoon sa matuwid nakatuon sa kanilang pagdaing, siya’y nakikinig, ngunit sa mga masasama, siya’y tumatalikod. “ Pangunahan ang klase na maunawaan na ang paggamit ng ng*

di magandang mga salita ay hindi solusyon sa sitwasyon. Kailangang maunawaan na ang batang nauna ay mayroong gustong bagay na katulad din ng isang batang kasunod niya , sa madaling salita ay katulad din ng gusto niya. Ngunit nais ng Diyos na magkaroon tayo ng kapayapaan o mapayapang buhay sa isa't-isa.

### ***E. Aral Mula sa Biblia***

**Sabihin:** Tayo ay mga anak ng Diyos kung tayo ay gagawa ng kapayapaan at makikiisa sa pagpapatuloy nito para sa kapwa. **Itanong:** Bilang tagapamayapa sa bahay, sa paaralan at sa Iglesya, paano tayo maaring makatulong sa pagtataguyod at pagpapatuloy ng kapayapaan?

### ***F. Pagsasabuhay***

**1.** Sabihin sa klase . Ngayon ay alam na nila na mayroong kapayapaan sa Diyos, kung gayon, ito ay kanilang tungkulin na ibahagi ang mapayapang buhay sa kapwa. Hayaan ang klase na makagawa ng mga paraan kung paano magkakaroon ng kapayapaan at makakapagbahagi ng kapayapaan ng Diyos nang buong puso para sa kapwa.

**2. Para sa ME:** Maghanda ng mga ginupit na larawan ng kalapati Provide cutouts of doves at sabihin sa klase na pumili ng isang tao na nasa bahay o nasa paaralan na nakikiisa sa kapayapaan at nagbabahagi ng kapayapaan ng Diyos nang buong puso. Hayaan silang gumawa o sumulat patungkol sa pagsisikap sa kapayapaan. Tiyakin na maibibigay nila ito sa napili nilang tao.,

**3. Para sa O.E:** Hatiin ang klase sa dalawang grupo. Hayaan ang bawat grupo na pumili ng isang tao sa Iglesya o kaptibahay na kung saan ay maari silang makagawa ng mapayapang buhay at makapagbahagi ng kapayapaan ng Diyos sa kanilang puso. Maghahanda sila ng peacemaking materials at ibabahagi nila ito sa mga taong nasa isip nila. Maaring tulungan o gabayan ng guro ang mga grupo para sa pagbabahagi ng kanilang mga ginawa sa kanilang napiling mga tao.

**4.** Para sa lahat ng mga grupo, ibahagi ang mga sumusunod na mga sitwasyon para sa kanilang gabay. Ipaalala sa mga bata na ang paghingi ng tawad o ang pagpapatawad sa kapwa ay kailangan para pagtataguyod ng kapayapaan , panalangin man ito o harapang pakikipagusap.

**a.** Ang iyong kamag-aaral at kaibigan ay nag-aaway.

**b.** Nakita mo ang isang lalaking nagtapo ng kanyang basura sa sahi.

**c.** Si Madison ay sobrang nag-aalala. Nakakuha kasi siya ng mababang marka sa Math.

**d.** Ikaw ay nag-aalala dahil nagsinungaling ka sa iyong mga magulang.

**e.** Nakapagbigay ka ng maling impormasyon tungkol sa isang kaibigan para masira ang kanyang sarili o pagkatao.

### ***G. Pangkas na Gawain***

1. Talatang sasauluhin: <sup>9</sup>Mapalad ang mga gumagawa ng paraan para sa kapayapaan sapagkat sila'y ituturing na mga anak ng Diyos.

“Mateo 5:9 ( *Magandang balita Biblia* )

2. Paghahandog

3. Pangwakas na awit

*“Let There Be Peace on Earth” (1st stanza only)*

*Let there be peace on earth and let it begin with me.*

*Let there be peace on earth, the peace that was meant to be.*

*For God is our Parent, children all are we.*

*Let me walk with each other in perfect harmony.*

5. Pangwakas na panalangin: Dakila at makapangyarihang Diyos, salamat po sa iyong karunungan na nagbibigay inspirasyon sa amin bilang mga tagapamayapa. Gabayan mo po kami sa paggawa ng paraan tungo sa pagtataguyod ng kapayapaan para sa iba. Ito po an gaming dalangin, Sa pangalan ni Jesus, ang Diyos ng kapayapaan...Amen!